# Katotohanan ang pinakamahusay sa mga mabubuting gawain ay ang mabuting pakikitungo nang isang lalaki sa pamilya ng matalik na kaibigan ng ama niya

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar, malugod si Allah sa kanilang dalawa.-Tunay na ang isang lalaki mula sa Arabo [na naninirahan sa Disyerto] ay nakasalubong niya sa daan sa Meccah,Bumati sa kanya si `Abdullāh bin `Umar,at pinasakay niya ito sa Asno na sinasakyan niya,At ibinigay sa kanya ang Turban na nasa ulo niya,Nagsabi si Ibn Dinar:Sinabi namin sa kanya:Naway gawing maayos ni Allah [ang kalagayan mo],Sila ay Arabo [na naninirahan sa Disyerto],at sila ay nasisiyahan sa maliit na bagay [lamang],Nagsabi si `Abdullāh bin `Umar :"Katotohan ang Ama ng lalaking ito ay naging matalik na kaibigan ni `Umar bin Al-Khattab malugod si Allah sa kanya-,At narinig ko ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nagsasabi: ((Katotohanan ang pinakamahusay sa mga mabubuting gawain ay ang mabuting pakikitungo nang isang lalaki sa pamilya ng matalik na kaibigan ng ama niya)) At sa isang salaysay,Ayon kay Ibn Dinar,buhat kay Ibn `Umar:Kapag siya ay lumalabas papunta ng Meccah,Nagdadala siya ng Asno,na pinagpapahingaan niya kapag napagod siya sa pagsakay sa kamelyo,at [sa kanya] ay may Turban na hinihigpit niya sa ulo niya,Isang araw ,habang siya ay nakasakay sa yaong Asno,dumaan sa kanya ang isang Arabo [na naninirahan sa Disyerto],Nagsabi siya [sa kanya]: Hindi ba`t ikaw si Pulano na anak ni Pulano?Nagsabi siya: Oo,Ibinigay niya sa kanya ang Asno,at nagsabi siya: Sumakay ka rito,At ibinigay niya ang Turban at nagsabi siya:Higpitan mo ito sa ulo mo,Nagsabi sa kanya ang ilan sa mga kasamahan niya: Naway Patawarin ni Allah sa iyo [ ang kasalanan],Ibinigay mo sa Arabong ito [na naninirahan sa Disyerto] ang Asno na siyang pinagpapahingaan mo,At ang Turban na hinihigpit mo sa ulo mo,?Ang sabi niya: Tunay na Narinig ko ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((Katotohanan na kabilang sa pinakamahusay sa mga mabubuting gawain ay ang pakitunguhan ng mabuti ng isang lalaki ang pamilya ng matalik na kaibigan ng ama niya pagkatapos nitong pumanaw)) At katotohanang ang Ama niya ay matalik na kaibigan ni `Umar bin Al-Khattab-malugod si Allah sa kanya-.

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Si Ibn `Umar malugod si Allah sa kanilang dalawa-Kapag lumabas siya papunta ng Meccah para magsagawa ng Hajj,Nagdadala siya ng Asno na pinagpapahingaan niya,at kapag napagod ang sumasakay sa sinasakyan niya-ibig sabihin ang Kamelyo-magpapahinga siya sa Asno pagkatapos ay sasakay [ulit] siya sa Kamelyo.At isang araw mula sa paglipas ng mga

araw,Nakasalubong niya ang isang Arabo,At tinanong siya ni Ibn `Umar:Ikaw ba si Pulano na anak ni Pulano?Nagsabi siya: Oo,Bumaba siya sa Asno at nagsabi:Kunin mo ito at sumakay ka sa kanya,At binigay niya ang Turban niya,at hinigpitan sa ulo niya,At sinabi niya sa Arabong ito:Balutin mo ang ulo mo gamit ito.Sinabi niya kay `Abdullah bin `Umar:Naway gawing maayos ni Allah [ang kalagayan mo] ,at Patawarin ni Allah sa iyo [ ang kasalanan]! Ngunit sila ay mga Arabo [na naninirahan sa Disyerto],At ang mga Arabo [na naninirahan sa Disyerto] , magiging masaya sila ,kahit wala nito, Ang ibig nilang sabihin: Papaano mo nagawang bumaba sa Asno mo at maglakad sa mga paa mo,At ibinigay mo ang Turban mo na nakahigpit sa ulo mo, at siya ay isang Arabo lamang [na naninirahan sa Disyerto],masisiyahan siya sa panakamaliit nito,Ang sabi niya: ((Katotohanan ang pinakamahusay sa mga mabubuting gawain ay ang mabuting pakikitungo nang isang lalaki sa pamilya ng matalik na kaibigan ng ama niya)) Ibig sabihin:Ang pinakamahusay sa mga mabubuting gawain,kapag namatay ang ama ng isang lalaki o ina niya o isa sa mga kamag-anak niya,Ang pagpapamalas ng mabuting pakikitungo sa pamilya ng minahal niya,Ibig sabihin ay hindi lamang sa kaibigan niya,datapuwat hanggang sa mga kamag-anak ng kaibigan niya. At " Katotohan ang Ama ng lalaking ito ay naging matalik na kaibigan ni `Umar" Ibig sabihin: Si `Umar bin Al-Khattab,na Ama niya,Kaya dahil sa kaibigan siya ng Ama niya,Pinarangalan niya ito bilang Mabuting pakikitungu,para sa ama niya na si `Umar bin Al-Khattab

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3493

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee